

Kung Naging Biktima Ka ng Pagnanakaw ng Identidad:

1. Magpalagay ng 365-araw na babala ng panlilinglang sa inyong credit file. Sabihan ang mga pinagkakautangang tumawag muna sa inyo bago sila magbukas ng bago o magpalit ng mga akawnt. Humingi ng kopya ng inyong mga utang at rebisahin itong mabuti.

Equifax	☎ 1-800-525-6285 equifax.com
Experian	☎ 1-888-397-3742 experian.com/fraud
TransUnion	☎ 1-800-680-7289 transunion.com

2. Isara ang lahat ng pinakialamang akawnt ng pananalapi o akawnt na nalikha ng panlilinglang.
3. Magsampa ng kaso sa pulis o magpalimbag ng isang patalastas na makatutulong sa mga kreditor na maaring mangailangan ng patunay ng krimen.

Hawaii Police	☎ (808) 935-3311
Honolulu Police	☎ (808) 529-3111
Kauai Police	☎ (808) 241-1711
Maui Police	☎ (808) 244-6400

4. Siguruhing mahingi ang numero ng report ng pulis at ang kopya kung maaari.
5. Maghabla sa Federal Trade Commission at kumpletuhin ang porm ng Reklamo sa Pagnanakaw ng Identidad.

Federal Trade Commission	☎ 1-877-438-4338 ftc.gov
--------------------------	-----------------------------



HAWAII IDENTITY THEFT RESOURCES

AARP - Hawaii
☎ toll free 1-866-295-7282

BBB Northwest - Pacific
☎ Fraud Hotline (808) 628-3950
bbb.org/hawaii/

Department of the Prosecuting Attorney - Honolulu
☎ (808) 547-7400 or toll free 1-800-531-5538
honoluluprosecutor.org

Department of the Prosecuting Attorney - Maui
☎ (808) 270-7777
mauicounty.gov/123/Prosecuting-Attorney

Office of the Prosecuting Attorney - Hawaii
☎ East Hawaii Unit: (808) 964-3306
☎ West Hawaii Unit: (808) 322-2552
hawaiicounty.gov/departments/prosecuting-attorney

Office of the Prosecuting Attorney - Kauai
☎ (808) 241-1888
kauai.gov/ProsecutingAttorney

STATE OF HAWAII

Department of the Attorney General
ag.hawaii.gov

Department of Commerce & Consumer Affairs
☎ (808) 586-2653
cca.hawaii.gov

Department of Health
Senior Medicare Patrol (SMP) Hawaii
☎ (808) 586-7281 or toll free 1-800-296-9422
smphawaii.org

FEDERAL


Federal Bureau of Investigation - Honolulu
☎ (808) 566-4300

United States Postal Service
☎ (808) 423-3790

United States Secret Service
☎ (808) 541-1912

Tungkulin Ninyong Pangalagaan Ang Inyong Identidad o Kakikilanlan

TAGALOG Translation



Department of the Attorney General
Crime Prevention & Justice Assistance (CPJA) Division

ag.hawaii.gov

Narito ang ilang paraan kung paano nakukuha ang inyong impormasyong personal:

Pandaraya sa Pamamagitan ng Paghingi ng Paunang Bayad: Panloloko ito sa pamamagitan ng paghinai ng paunang bayad sa biktima.

Paghahanap sa Basura: Paghalukay sa inyong basurahan upang makuha ang inyong impormasyong personal.

Paghahanap (o Pamimingwit ng Impormasyon): Ginagawa sa pagtatanong sa kostumer ng kanilang nabagong impormasyong personal sa pamamagitan ng pagpapanggap bilang bangko, kumpanya ng credit card, tindahang online, ahensya ng gobyerno, at ba pa, gamit ang email o telepono.

Shoulder Surfing: Paggamit ng tuwirang pagmamasid, isang paraan ng pagkuha ng mga impormasyong personal gaya ng pagsilip mula sa balikat (mula sa likod) ng sinumang inoobserbahan.

Ano ang Mangyayari Kung Nabiktima Kayo ng Scam?

- ♦ Pagkaubos o pagkawala ng pera.
- ♦ Pinsala sa katawan o pagkamatay.
- ♦ Kawalan ng kakayahang makabili ng sasakyan, bahay o makapangutang.
- ♦ Aabutin ng maraming taon bago mabawi ang mabuting pangalan at reputasyon sa pangungutang.

Narito ang ilang paraan kung paano nagagamit sa maling paraan ang inyong impormasyong personal:

- ♦ Pagbubukas ng bagong credit card.
- ♦ Pagkuha ng telepono o linyang wireless.
- ♦ Pagbibigay ng pahintulot para eletronikong mailipat ang inyong deposito sa bangko hanggang maubos ang laman ng inyong akawnt.
- ♦ Pagkuha ng opisyal na ID sa inyong pangalan.

Hadlangan ang Pagnanakaw ng Identidad

Subasta/Pamimiling Online:

- ♦ Magtalaga ng isang Credit Card na mababa ang credit limit.
- ♦ Huwag lumabas sa website ng tindahang binibilihan hangga't hindo tapos ang transaksyon.

Kompyuter/Internet:

- ♦ Gumamit ng firewall at virus protection upang maingatan ang mga impormasyon.
- ♦ Palitan ang password tuwing ikaapat na buwan o ang email address o online accounts.
- ♦ Kung nagbabayad ng utang, o namimili online, hanapin ang selyo ng Kandadong Panseguro o ikandado ang selyo sa ibaba ng pahina at https ng address book.
- ♦ Sirain ang hard drive bago itapon ang kompyuter.

Pananalapi:

- ♦ Siguruhing natatangap ang buwanang resibo o talaan ng pagkakautang.
- ♦ Huwag ibigay kahit kanino ang passwords ng inyong akawnt sa pananalapi at numero ng PIN.

Koreo:

- ♦ Maglagay ng kandado sa inyong buson o kunin agad ang lahat ng sulat pagkahatid.
- ♦ Punitin ang mga sulat na may impormasyong personal bago itapon.

Telepono:

- ♦ Huwag magbigay ng anumang impormasyong personal sa telepono maliban kung ikaw ang nagsimula ng tawag o ugnayan.
- ♦ Kung ikaw ang tinawagan, tanungin ang pakay ng tumawag, alamin ang numero niya at sabihing ikaw ang tatawag. Huwag tawagan ang numerong ibinigay ng kausap. Sa halip, kunin sa direktoryo ang numero ng kompanyang sinabi at gamitin ang numerong iyon sa inyong muling pagtawag.

Other Prevention Resources

National Do Not Call Registry

Stop telemarketing solicitations.

☎ 1-888-382-1222 🌐 donotcall.gov

Direct Marketing Association

Stop mail and e-mail solicitations.

🌐 www.dmaconsumers.org

Opt Out Services LLC

Opt out of pre-approved credit card offers.

☎ 1-888-597-8688 🌐 optoutprescreen.com

Central Source LLC

Obtain a free credit report to review.

☎ 1-877-322-8228 🌐 annualcreditreport.com

Ano ang PAGNANAKAW ng IDENTIDAD?

Nangyayari and pagnanakaw ng identidad kapag may ibang gumamit ng inyong mga personal na impormasyon sa paggawa ng iba't ibang krimeng gaya ng pagnanakaw, panlilinlang, palsipikasyon at iba pa. Krimen din ang pagkakaroon ng mga di-ipinaalam na impormasyong personal sa ibang tao kung walang pahintulot ang may-ari nito.

Impormasyong Personal Ang anumang nagpapatunay ng inyong pagkatao bagaman hindi ito limitado sa sumusunod:

- ♦ Numero ng akawnt sa bangko
- ♦ Numero ng lisensya sa pagmamaneho
- ♦ Password
- ♦ Numero ng Social Security
- ♦ Iba pang pangalan, numero, at mga kaalamang maaaring gamitin para mapagtibay kung sino kayo.

Paano Nakukuha ang Inyong mga Impormasyong Personal?

- ♦ Panlilinlang o panloloko.
- ♦ Pangmalawakang paghahanap o "pamimingwit" ng impormasyon.
- ♦ Pagsilip-silip sa balikat ng sinumang gumagamit ng kompyuter at impormasyong-personal sa mga pampublikong lugar.
- ♦ Paghahanap ng impormasyon sa inyong kompyuter.
- ♦ Naiwalang pitaka, palm pilot, at iba pa.
- ♦ Paghahanap ng impormasyon sa inyong basura, busong walang kandado, panunuhol, pagnanakaw nito sa inyong bahay at sasakyan, at iba pa.